



# PAG-IINGAT SA CONTACT

**Mga Bisita** mag-check in muna sa Nursing bago pumasok.

## BAGO PUMASOK:



Maghugas o maglagay ng gel sa kamay



Magsuot ng gown at guwantes

## IBA PANG KINAKAILANGAN:



Gumamit ng equipment na nakatalaga sa pasyente o disposable.

Linisin at i-disinfect ang equipment na maraming gumagamit.

*Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.*

I-display sa labas ng pinto. Sa paglabas ng pasyente, alisin ang karatula  
**PAGKATAPOS** lubusang malinisan ang kuwarto.

## PAG-IINGAT SA CONTACT

### PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (PPE)

Ang mga hakbang sa ibaba ay para sa lahat ng PPE, kunin lang ang PPE na nakalista sa unang pahina, bukod sa iba pang PPE alinsunod sa Mga Karaniwang Pag-iingat.

<b>Paglilagay ng PPE (Pagsusuot)</b>	<b>Pagtatanggal ng PPE (Paghuhubad)</b>
<ol style="list-style-type: none"><li>1. Maglinis ng kamay</li><li>2. Magsuot ng gown na pang-isolate, higgitan ang mga tali/strap</li><li>3. Magsuot ng respirator o face mask, tiyaking angkop at nakalapat nang maayos</li><li>4. Magsuot ng face shield o goggles</li><li>5. Magsuot ng guwantes</li></ol>	<ol style="list-style-type: none"><li>1. Habang nasa kuwarto ng pasyente, alisin ang guwantes nang hindi nalalagyan ng kontaminasyon ang mga kamay.</li><li>2. Alisin ang gown - Tanggalin/kalasin ang mga tali, sirain ang mga tali kung angkop para sa mga disposable na gown. Alisin sa pamamagitan ng paghawak sa isang balikat muna bago lumipat sa kabila upang maialis sa bawat braso, ituloy ang paghila sa gown pababa at paalis sa katawan. Irolyo ang gown habang iniaalis ito at ilagay sa wastong lalagyan. Maaari ka na ngayong lumabas sa kuwarto.</li><li>3. Sa paglabas, maglinis ng kamay (gumamit ng sabon at tubig kung halatang marumi ito, humawak ng dumi, o kakagaling lang sa Pag-iingat para sa Contact Enteric).</li><li>4. Alisin ang face shield/goggles - iwasang hawakan ang harap ng pamprotekta ng mata na maaaring kontaminado.</li><li>5. Alisin at hawakan nang wasto ang respirator/face mask – iwasang hawakan ang harap na maaaring kontaminado at itapon o tanggalan ng kontaminasyon kung angkop.</li><li>6. Maglinis ulit ng kamay.</li></ol>

#### PARA SA PAGGAMIT SA MGA KONDISYON GAYA NG: (sumanguni sa patakaran ng pasilidad)

- Mga organismong di-tinatablan ng maraming gamot (MDRO) at pathogen na nakababahala sa larangan ng epidemiyolohiya ayon sa napagpasyahan sa Patakaran ng Pasilidad
- Mga Galis/Lisa
- Mga sugat/nana na tumatagas kung saan-saan

#### PAGSASALUGAR SA PASYENTE

- Ilagay ang pasyente sa pribadong kuwarto. Kung hindi available, sundin ang mga alituntunin ng pasilidad para sa pag-cohort.

#### MGA PINGGAN AT KUBIYERTOS

- Hindi kailangan ng espesyal na pag-iingat. Sina-sanitize sa dishwasher ang kagamitang pangkusina.

#### PANGANGASIWA SA MGA SAPIN AT DUMI

- Isupot ang sapin sa kuwarto ng pasyente. Iwasan ang labis na paghawak at huwag alugin ang sapin. Para sa biohazard waste, sundin ang mga alituntunin para sa Category B Medical Waste.

#### PAGLILINIS NG KUWARTO

- Mga kagawiang pamamaraan sa paglilinis at pagpapalit ng kurtinang pam-privacy alinsunod sa pamamaraan ng ospital.

#### MGA EQUIPMENT AT SUPPLY

- Mahahalagang equipment at supply lang sa kuwarto.
- Gumamit ng equipment na nakatalaga o disposable kapag available.
- Linisin at i-disinfect ang equipment na ginagamit nang paulit-ulit/kuwarto ng pasyente gamit ang disinfectant alinsunod sa patakaran ng pasilidad.

#### PAGLILIPAT

- Alertuhan ang tatanggap na kagawaran hinggil sa katayuan sa pag-isolate ng pasyente bilang pag-iingat.
- Dapat maglinis ng kamay ang pasyente. Pagsuutin ang pasyente ng gown o malinis na sapin at takpan ang mga apektadong lugar kung angkop (hal., lantad/tumatagas na sugat)
- Aalisin ng tagapaglipat ang PPE at maglilinis siya ng kamay bago lumabas sa kuwarto ng pasyente. Kung inaasahang magkakaroon ng direktang contact habang lumilipat, magsuot ng angkop na PPE.
- Linisin at i-disinfect ang sasakyang ginamit sa paglipat.

**Itigil ang pag-iingat alinsunod sa Patakaran ng Pasilidad.**

**Aalisin ng Environmental Services (Mga Serbisyong Pangkapaligiran) ang karatula kapag itinigil na ang pag-iingat at nalinisan na ang kuwarto.**

**420-587 April 2024 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa [doh.information@doh.wa.gov](mailto:doh.information@doh.wa.gov).